Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
**URRICULUM DEVELOPMENT DIVISION**
eralco Ave., Pasig City

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

# FILIPINO 1

## *Modyul 1*

## *Pagkilala sa Tekstong Informativ at Panghihiram ng mga Salita*

# Modyul 1
# Pagkilala sa Tekstong Informativ at Panghihiram ng mga Salita



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo! Marahil ay nakahanda ka nang magsimula. Ito ang unang modyul na pag-aaralan mo sa Filipino 1.

Karaniwan na sa usapan ng mga kabataang tulad mo na marinig ang ganito: "***Gigimik ako mamaya, sama ka!" " May Friendster ka ba?" "Taym na, baka tayo maleyt."*** Taglish? Filipino? Filipino ang wikang iyan. May mga hiram na salita nga lamang.

Paano ba ang paghiram ng mga salita? Isa ito sa matututuhan mo. Gayundin, matututuhan mong magsuri ng mga sanhi at bunga ng mga pangyayari, at ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pahayag.

Sisikapin ng modyul na ito na matulungan kang higit na malinang ang iyong mga kasanayan at pag-unawa sa mga tekstong informativ.

Huwag kang mag-alala. Tulad ng sabi ko, tutulungan ka ng modyul na ito.




## Ano ang matututunan mo?


Inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan, sa pag-aaral ng modyul na ito:

1. Nababaybay nang wasto ang mga salita batay sa binagong alfabeto
2. Nagagamit nang wasto ang mga salitang hiram batay sa binagong alfabeto
3. Naiuugnay ang mga kaisipan sa tekstong binasa sa mga pansariling karanasan
   - Aktwal na karanasan
   - Nasaksihan
   - Narinig /Nabasa

4. Natutukoy ang punto ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pahayag

5. Nabibigyang-kahulugan ang magkakaugnay na pahayag upang maibigay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari

Sige, magpatuloy ka.



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, magsimula ka na!



## *Ano na ba ang alam mo?*

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mag-alala, aalamin lang nito kung kailangan mo pa ang modyul na ito o tutuloy ka na sa kasunod.  Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

**A. TEKSTONG INFORMATIV**

Panuto: Basahin mo ang ilang teksto. Piliin mo kung alin sa mga ito ang informativ. Isulat ang **I** kung informativ, at **HI** kung hindi.

___________1. Palala nang palala ang suliranin tungkol sa karahasan sa mga kabataan. Nararapat lamang na tayo ay makisangkot sa isyung ito. Makakatulong ang inyong suporta sa pagpapadala namin sa mga paaralan ng mga materyales nang libre. Mabubuksan ang isipan ng mga kabataan sa kanilang karapatan. Gayundin, matutukoy nila ang kanilang mga papel bilang mga kabataan ng lipunan. Malayo ang mararating ng inyong donasyon sa aming institusyon . Nagpapasalamat ang aming organisasyon sa patuloy ninyong pagsuporta.

___________2. Kung ibig mong mamasyal, maaari mong bisitahin ang Isarog National Park. Ito ay matatagpuan sa Naga City. Malawak ang parke. May kabuuang sukat itong 10,000 ektarya. Napakaraming likas na yamang nakatira rito. Itinatayang mayroong 150 uri ng ibon dito, 33 uri ng m*ammals* at 1,163 uri ng mga halaman. May pirmihang patubigan din itong nagsusuplay sa mga pangangailangang domestik, agrikultural at komersyal. Kailangang-kailangang alagaan at pagyamanin ang parkeng ito. Bihira na ang ganito sa Pilipinas.

___________3. Isang mabigat na isyu ang pang-aabuso sa mga bata at kabataan. Maaaring ang pang-aabuso ay pisikal o emusyunal. Kabilang sa pang-aabuso ang sapilitang pagtatrabaho, pornografi, exployteysyon at pagsasamantalang sekswal. Inireport sa ***The Council of Elders for the Protection of Children*** na ang prostitusyon, pagiging delingkwente, pagtatangkang magpakamatay, depresyon, mababang pagtingin sa sarili at pagkatakot sa isyung may kaugnayan sa sex ay mga indikasyon at epekto ng pang-aabuso sa mga kabataan.

___________4. Pinaniwalaan ng isang bishop noong 1870 na wala nang maaaari pang maimbento ang tao. Sinabi niya ito sa isang presidente ng isang maliit na kolehiyo. Hindi sumang-ayon sa kanya ang presidente at sinabing marami pang dapat tuklasin ang tao. Wika niya, "Darating ang panahong ang tao ay makalilipad tulad ng mga ibon.." Hindi naniniwala ang bishop at sinabing iyon ay paglapastangan sa Diyos. Ayon sa kanya, "Ang paglipad ay para lamang sa mga anghel! Pagkaraan ng 33 taon, pinalipad ng magkapatid na Orville at Wilbur ang kauna-unahang sasakyang mas mabigat pa sa

hangin. Ito ang pinagmulan ng eroplano. Sino ang bishop? Si Milton Wright, ang ama ng magkapatid na umimbento ng eroplano!

___________5. Mahalagang paunlarin ang iyong sarili. Luma na ang kaisipang kung hindi ka matalino sa Lingguwistika, Matematika o sa Agham ay bobo ka! Lumang kapaniwalaan. Maraming uri ng katalinuhan bukod sa nabanggit na. Mayroon sa musika, sa sayaw, sa pag-arte, sa pagguhit, pakikinig, pagsulat, pagsasalita, at maging sa pagtingin sa buhay at kamatayan. Sino nga ba ang walang ganoong kakayahan? Maaaring dalawa o higit pa ang mayroon ka! Ang gagawin mo lang ay tuklasin ito at idevelop.

___________6. Ang timbang ng utak ayon sa proporsyon ng timbang ng katawan ng tao ay kaiba sa mga hayop. Totoong ang timbang ng utak ng isang elepante ay mabigat kaysa sa timbang ng utak ng isang matandang tao. Subalit sa tao, ang timbang ng utak niya ay $1/50^{th}$ lamang ng kanyang katawan. Samantalang sa elepante, ito ay $1/1000^{th}$ ng kanyang kabuuang timbang. Kung ang pag-uusapan ay ang proporsyon ng timbang ng katawan ng tao, ang utak ng mga elepante ay mas magaan kaysa sa utak ng tao.

**B.** Panuto: Tukuyin ang wastong baybay ng mga salitang nakabold batay sa binagong alfabeto. Titik lamang ang iyong isulat.

1. Ang mga **textbook** na ginagamit ng mga mag-aaral ay dapat na ingatan at gamitin nang maayos.
   - a. teksbuk
   - b. txtbuk
   - c. textbuk
   - d. textbook

2. Maraming basura ang pwedeng **i-recycle**.
   - a. i-recycle
   - b. iresaykel
   - c. irecycle
   - d. iresikulo

3. Malaking usapin sa kasalukuyan ang **economics** ng bansa.
   - a. ikonomiks
   - b. ekonomiks
   - c. ekonomics
   - d. economics

4. Ang **discussion** ng mga pulitiko ay nakatuon sa pagtitipid at pagbabayad ng utang ng bansa.
   - a. diskasyon
   - b. discasyon
   - c. diskusyon
   - d. discussion

5. Bumuo sila ng iba't ibang forum at mga **conference** tungkol sa pagpapabuti ng ekonomiya ng bansa.
   - a. conference
   - b. komperens
   - c. konferens
   - d. konperens

**C.** Panuto: Batay sa binagong patnubay ng pagbabaybay, piliin ang salitang gagamitin mo kung hihiramin ang salitang nasa loob ng panaklong. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Masasabing umuunlad na ang (transportation) sa Maynila dahilan sa Metro Rail Transit.

   a. transporteysyon    b. transportasyon    c. transportation

2. Nalunasan nito ang sobrang bigat ng (traffic) mula sa Legarda hanggang sa Santolan, Marikina.

   a. trapiko    b. trafik    c. traffic

3. Kahit paano, nakararating na ang mga (commuter) sa kanilang pupuntahan sa oras.

   a. pasahero    b. pasajero    c. komyuter

4. May mga paalalang sinasabi sa bawat isa patungo sa kanilang (destination)

   a. destination    b. destineysyon    c. destinasyon

5. Maganda rin at maayos ang (schedule) ng pagbyahe ng mga tren.

   a. talatakdaan    b. iskedyul    c. skedyul

**D.** Panuto: Basahin ang talata. Pag-ugnay-ugnayin ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayari. Titik lamang isulat sa sagutang papel.

Nanganganib ang kalagayan ng mga yamang-dagat gaya ng mga koral *reefs*. Ito ay bunga ng mga mapangwasak na gawi ng mga tao.Maraming hindi nakauunawa na ang ganitong gawain ay unti-unting pumapatay sa mga nilalang sa daigdig. Halimbawa, ang pagtatapon ng mga basura at mga kemikal na mula sa mga pabrika ay lumalason sa kanilang natural na kapaligiran. Ang paggamit ng dinamita sa pangingisda ay pumapatay kahit sa mga isdang maliliit pa lamang. Dahil dito, nagiging polyuted ang dagat na dahilan naman upang mawasak ang mga koral *reefs*. Kapag sobra na ang ganitong pang-aabuso, malamang na maubos na ang mga yamang-dagat.

1. Ang mapangwasak na gawi ng mga tao ay nagbubunga ng

   a. pagtatapon ng mga kemikal sa dagat
   b. pag-aaway ng mga may-ari ng pabrika
   c. polusyon sa karagatan
   d. pagkasira ng kapaligiran

2. Ang mapangwasak na gawi ng mga tao ay nagdudulot ng

  a. kasiyahan sa kanila.
  b. kamatayan ng mga nilalang sa daigdig
  c. kayamanan sa tao.
  d. kawalan ng malasakit sa paligid.

3. Ang polusyon sa dagat ay sanhi ng

  a. pagtatapon ng mga basura at kemikal.
  b. natural na pagkasira ng kapaligiran.
  c. kapabayaan ng pamahalaan.
  d. mga taong nakapaligid dito.

4. Ang paggamit ng dinamita ay nagbubunga ng

  a. malaking kita sa mangingisda.
  *b.* pagkalason ng koral *reefs.*
  c. pagkamatay ng malilit na isda.
  d. kamatayan ng mga mangingisda.

5. Ang sobrang pag-aabuso sa karagatan ay magbubunga ng

  a. kamatayan ng koral *reefs.*
  b. pagkaubos ng yamang-dagat.
  c. pagkagunaw ng mundo.
  d. kawalan ng kita ng pamahalaan.

**E.** Panuto:. Isulat ang **MK** kung magkatulad at **MI** kung magkaiba ang mga pares ng pahayag.

_____ 1. Ang paraang teknikal ng pagpoprosesong ginagamit ng kaliwang utak ay simple lamang.
Ang kanang utak ay ganoon din.

_____ 2. Ang kanang utak ay mas nagpapahalaga sa sining
Ang kaliwa naman ay sa agham at matematika.

______3. Ang paningin ng mga taong mas gumagamit ng kaliwang utak ay analitikal .
Ang mga taong mas aktibo ang kanang utak ay global naman.
.

______4. Nakikita lamang ng tao ang kabuan ng isang gamit sa paggamit ng kanang utak
Samantala, ang maka-kaliwa ay ang detalye muna nito bago ang kabuuan.

______5. Ang kanang utak ay napakahalaga para sa pagproseso ng emosyon.
Mahalaga rin ang kaliwang utak para maging objektiv ang pananaw sa mga bagay-bagay.

Tapos ka na ba? Kunin mo sa guro ang Susi sa Pagwawasto.
Kumusta? Marami kang hindi nasagot? Okey lang ‘yan. Tutulungan ka ng modyul na ito.

# Mga Gawain sa Pagkatuto

## Sub-Aralin 1:

## Pagkilala at Pagsulat ng Tekstong Informativ

**Layunin:**

1. naihahanay nang pasulat ang mga impormasyong nabasa
2. natutukoy at nakikilala ang mga tekstong informativ
3. nakasusulat ng mga tekstong informativ

**Alamin**

Nakakita ka na ba ng pating, balyena o dolphin? Alam mo ba ang pagkakaiba-iba nila? Ang pating ay mabangis at kumakain ng malalaking hayop sa dagat at gayundin ng tao. Samantala, ang mga balyena at dolphin ay maaamo, mapaglaro at kadalasan ay nagliligtas ng buhay kung may sakunang nangyayari sa dagat.

*Marahil, narinig mo na ang tungkol sa mga Butanding? Kung hindi pa, ito ang mga* whale sharks *na maamo at tunay na kinagigiliwan ng mga turista. Alam mo ba kung saan matatagpuan ang mga Butanding?*

*Sige, basahin mo ang tungkol dito at nang malaman mo.*

**Mga Butanding ng Donsol**

*Ipinakita ng mga taga-Donsol, na maaaring pagkakitaan*

*ang mga likas nating yaman ng hindi pinapatay o nilulustay.*

Marami sa mga may malasakit sa turismo at kalikasan ang nakakaalam na ang pinakamalaking isda ay ang "Butanding" na mas kilala sa wikang Ingles na

"Whale Shark" ay naninirahan at nakikipaglaro sa mga turista at kababayan ng Donsol, Sorsogon mula Disyembre hanggang Mayo taun-taon.

Sadya talagang mapalad ang mga taga-Donsol sapagka't hindi nila natutuhang kainin ang mga Butanding. 'Di tulad sa ibang parte ng Pilipinas kung saan ang Butanding ay kinakatay at kinakain. Ang mga Butanding sa Donsol ay tinuturing na isang bagong kaibigan na nagbibigay ng hanapbuhay sa mga naninirahan doon.

Ang Butanding ay hindi kumakain ng mas malalaking nilalang tulad ng mga malalaking laman-dagat, isda o tao. Sa mga pag-aaral ng mga siyentipiko, ang kinakain ng Butanding ay mga plankton (maliliit na hayop), at mga hipon. Wala siyang matatalas na ngipin tulad ng ibang pating, at ang kanyang pagkain ay hinihigop ng kanyang napakalaking bibig (mga 8 metro ang lapad) at sinasala ng kanyang mga hasang.

Maraming kailangang sundin upang ipakita ang paggalang sa mga Butanding tulad ng hindi paghipo o pagsakay. Hindi gumagamit ng mga scuba gear, at iba pang gamit na makapagtataboy sa kanila. Hindi rin gumagamit ng "flash photography". Dapat pa ding alalahaning sila ay mga "wild" at hindi turuan. Minsan tumatagal ang mga "encounter" dahil ang mga Butanding ay kumakain. Natatapos ang mga "encounter" 'pag nagdesisyon ang mga Butanding na lumangoy palayo.

*(Hango sa BALIKAS, Aklat 9 Bilang 23, 11-17 ng Hunyo, 2004)*

Ngayong tapos mo nang basahin, saan matatagpuan ang mga Butanding? Tama, sa Donsol, Sorsogon. Nakatatakot ba ang mga Butanding? Syempre, hindi. Dahil sila ay maaamo at palakaibigan. Natandaan mo ba kung anu-ano lamang ang kinakain nila? Tama ka! Maliliit na mga hayop at mga hipon lamang.

Ipinakita ng mga taga-Donsol, na maaaring pagkakitaan ang mga likas nating yaman tulad nito, ng hindi pinapatay o kinakatay. Kinakailangan din sigurong maibahagi sa iba ang karanasan ng mga taga-Donsol, Sorsogon, di ba? Daan ito para pangalagaan din nila ang bagong yamang ito. Kahit kasi alagaan sila ng mga taga-Sorsogon, kung sa iba namang daraanan ng mga Butanding ay kakatayin din sila, mawawalan ng silbi ang lahat ng pagsisikap.

Sang-ayon ka ba rito? Marahil ay walang dudang "Oo" ang sagot mo.

**Linangin**

**Gawain 1** Panuto: Gamitin ang mga letra ng BUTANDING para sumulat ng mga impormasyon tungkol sa mga ito.

**B**

**U**

T

nAkikipaglaro sa mga turista

***piNakamalaking isda***

**D**

**I**

N

**G**

Humigit-kumulang, ganito ang magiging sagot mo:

Sa **B**ayan ng Donsol, Sorsogon maaaring matagpuan

**U**nang inalagaan sa bayang ito

**T**andaang sila ay mga kaibigan

pin**A**kamalaking isda

kumakai**N** ng plankton at maliliit na hayop

sadyang mapapalad ang mga taga-Donsol

walang matatalas na ngIpin

palakaibiga**N**

pan**G**-akit sa turista

Ngayon, sumulat ka ng mga pangungusap na informativ tungkol sa Butanding batay sa mga isinagot mo sa itaas.

1. ________________________________________________________________
2. ________________________________________________________________
3. ________________________________________________________________
4. ________________________________________________________________
5. ________________________________________________________________
6. ________________________________________________________________
7. ________________________________________________________________
8. ________________________________________________________________
9. ________________________________________________________________

Malapit ba dito ang mga pangungusap na binuo mo?
Kung oo, mabuti. Sige, magpatuloy ka.

1. Sa bayan ng Sorsogon, may bagong atraksyon sa mga turista.

2. Unang inalagaan ang mga Butanding sa bayang ito.

3. Tandaang sila ay mga kaibigan.

4. Itinuturing silang pinakamalaking isda.

5. Kumakain sila ng plankton at mga hipon.


6. Sadyang mapapalad ang mga taga-Donsol dahilan sa mga Butanding.

7. Wala silang matatalas na ngipin.

8. Palakaibigan at maaamo ang mga nilalang na ito.

9. Mahusay na pang-akit sa turista at nakatutulong ito sa ating ekonomiya.

**Gawain 2** Panuto: Isulat sa loob ng mga bilog ang mga impormasyong hinihingi batay sa binasang artikulo.




Paano mo sinagutan ang mga tanong. Binalikan mo ba ang artikulo? Hinanap mo ba ang mga detalye? Tama, ganon nga! Kasi kailangang maging tiyak ang mga sagot mo.

Ihambing mo nga rito ang sagot mo.

1. Pinakamalaking isda, walang matatalas na ngipin at may napakalaking bibig na may sukat na mga walong metro

2. Malilit na hayop tulad ng plankton at mga hipon

3. Napakaamo at palakaibigan

4. Nagiging atraksyon sa mga turistang lokal at banyaga kaya nakatutulong ito sa ekonomiya ng bansa

Napansin mo marahil na inihanay mo nang maayos ang mga salita bago mo ito isinulat. Bakit? Dahil ang mga ibinigay mo ay mga impormasyon. Ganito ang pagbuo ng mga **TEXTONG INFORMATIV**.

**Gawain 3** Higit na magiging malinaw ang mga impormasyon kung ilalagay sa isang talahanayan. Isulat sa angkop na kolum ang mga susing salitang ginamit mo. Ginawa na ang unang bilang para sa iyo.

| Itsura | Pagkain | Relasyon sa Tao | Biyayang Dulot |
|---|---|---|---|
| 1.Pinakamalaking isda | Plankton | Napakaamo | Turismo |

Siguro ay naging mas madali sa iyo ang paglalagay ng impormasyon sa talahanayan dahil may referens ka na. Ngayon ay alam mo nang kumuha ng mga impormasyon at sumulat ng pangungusap na textong informativ.

Ganito ba ang sagot mo?

| Itsura | Pagkain | Relasyon sa Tao | Biyayang Dulot |
|---|---|---|---|
| 1. Pinakamalaking isda<br>2. Walang matalas na ngipin<br>3. May napakalaking bibig<br>4. Mga walong metro ang sukat ng bibig | 1. Plankton<br>2. Maliliit na hayop<br>3. Hipon | 1. Napakaamo<br>2. Palakaibigan | 1. Turismo<br>2. Ekonomiya |

**Gamitin**

**Gawain 1** Ito naman ang subukin mo. Basahin ang talata at bigyang- pansin ang mga impormasyong inilalahad nito.

Malaki ang pinagkaiba ng "whale encounter" na isa sa pangunahing makikita sa "Ocean Adventure" sa Subic. Dito, kailangang ikaw ay magbiyahe papunta sa Zambales, pumasok sa loob ng Subic (ang dating naval base ng mga Amerikano) at pumunta sa Ocean Adventure na matatagpuan sa loob at liblib na lugar. Pinagmamalaki ng mga gumawa ng Ocean Adventure, na ito ang isa sa pinakamaganda at pinakamalapit sa kalikasan ng mga nilalang sa dagat sa buong Timog Silangang Asya o "South East Asia" sapagka't ito lamang ang itinayo na nasa "open seas" o sa dagat mismo at hindi sa mga higanteng tangke.

**( Hango sa BALIKAS, Aklat 9 )**

Ano ang paksang pinag-usapan sa teksto? Tama, *Ocean Adventure*. Ito nga ang paksa ng talata. Isulat sa tapat nito ang mga impormasyong nabasa mo.

**Mga Impormasyon:**

**Ocean Adventure**

1.________________________________

2. ________________________________

3. ________________________________

4. ________________________________

Ihambing mo ang iyong sagot sa nakalista sa ibaba. Kung ganito ang impormasyong nakuha mo, tama ka. Marunong ka nang kumuha ng mga detalyeng informativ.

**Ocean Adventure**:

1. Matatagpuan sa Subic Naval Base sa Zambales.
2. Nasa loob at liblib na lugar sa loob ng base.
3. Isa sa pinakamaganda at pinakamalapit sa kalikasan sa buong Timog Silangang Asya.
4. Itinayo sa "open seas" o sa dagat mismo

**Gawain 2** Magdrowing ng isang lugar na malapit sa iyo na inaakala mong maaaring idevelop upang maging atraksyon sa mga turista. Kulayan. Dugtungan ang mga parirala upang makabuo ng mga pangungusap na informativ. Sa loob na panaklong ay naroon ang mga mungkahing impormasyon na isusulat mo. Tandaang ang layunin mo sa gawaing ito ay makahikayat ng mga turista. Pagkatapos, ipakita sa iyong titser ang gawain. Siya ang magbibigay ng iyong marka.

1. Matatagpuan sa _____________________________(lokasyon ng pook) ang lugar na ito

2. Makikita mo rito ang mga sumusunod:(Mga tanging tanawing makikita rito)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

3. Kung manggagaling ka sa_____________, (Magbigay ng lugar) maaari mo itong puntahan sa pamamagitan ng ________________ (Uri ng sasakyan). (Magbigay ng direksyon kung kinakailangan.)
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**Lagumin**

Napag-aralan mo na ang tekstong informativ. Basahin mo ang ilang mahahalagang konseptong dapat mong tandaan sa aralin.

1. Ang tekstong informativ ay naglalayong maglahad ng mga tiyak na impormasyon, at mahahalagang detalye na may lohikal na paghahanay.

2. Isang tiyak na paksa lamang ang tinatalakay nito. Kung magkakaroon ng kaugnay na paksa, dapat na makita ito sa kasunod na talata.

3. Sa pagbasa ng tekstong informativ, magkaroon ng fokus sa mga impormasyong ipinahahayag. Isulat ito kung kinakailangan.

4. Sa pagsulat ng tekstong informativ, tandaang ihanay nang maayos ang mga salita, piliing mabuti ang mga tiyak at mahahalagang salita lamang.

**Subukin**

Panuto: Basahin ang mga teksto. Isulat sa sagutang papel ang **I** kung ito ay informativ, at **HI** kung hindi .

1. Nakakamit ang malusog na pangangatawan sa pamamagitan ng balanseng pagkain. Kung hindi tayo kumakain nang tama, magiging sanhi ito ng mga problema. Magiging sakitin tayo. Halimbawa, kung kulang tayo sa vitamin D, maaaring magbunga ito ng pagkabulag. Maraming sakit sa balat at sa ngipin ay dulot ng kakulangan sa vitamin C. Kaya, dapat lamang na kumain tayo nang tama upang maging malusog at mahaba ang buhay.

2. Kung paano haharapin ang katotohanang ikaw ay nabigo sa isang gawaing pinag-ukulan mo pa naman ng panahon ay isang malaking usapin. Naranasan mo na ba ang ganito? Ano ang ginawa mo? Nagmukmok sa sulok? Hindi yata makatutulong ang ganito. Mas mabuti kung haharapin mo ito at susubuking bigyang-solusyon.

3. May kaunting pagkakaiba ang mga helikopter kaysa sa mga jet. Mas maraming sakay ang mga jet kaya mas mabigat at kumplikado ang paggawa nito. Dahil sa kaliitan ng helikopter, natural na kaunting pasahero lamang ang kayang isakay nito. Ang mga jet ay nakadesayn na maglakbay nang mas malayo, samantalang ang mga helikopter ay pangmalapitan lang.

4. Ang pagsulat ay isang prosesong dapat na sundin nang maayos. Una, pagpasyahan mo kung ibig mong magpadala ng nakasulat na mensahe. Ikalawa, planuhin ang iyong mensahe. Isulat mo ang lahat ng ibig mong ilahad sa iyong dokumento. Organisahin ang iyong mga ideya sa paraang pabalangkas. Pagkaraan, isulat ang iyong unang burador. Pagkatapos, irevyu, irebisa at iedit ang sinulat mo. Sa huli, ibahagi ang iyong isinulat sa taong pinagkakatiwalaan mo para makatulong siya sa pagsusuri.

5. Sa pagdaan ko sa Intaramuros ay hindi ko maiwasang maisip ang nagdaang kasaysayan sa pook na ito. Marahil noon ay napakatahimik at napakaganda ang lugar na iyon. Hindi ko tuloy maiwasang pangaraping sana ay nabuhay na ako noong panahon ng mga Kastila. Mapanghamon siguro ang kalagayan ng lipunan noon. Sa kabilang dako, naisip ko ring hindi bale na lang. Baka hindi ko makayanan ang istilo ng pamumuhay noon.

Ganito ba ang naging sagot mo?

1. I
2. HI
3. I
4. I
5. HI

Tama ba ang lahat ng sagot mo? Kung "Oo", tumuloy ka na sa sub-aralin 2. Kung hindi, gawin ang Paunlarin.

**Paunlarin**

Panuto: Basahin ang talata tungkol sa mga *marine mammals*. Bigyang-pansin ang mga impormasyong inilalahad nito. Humandang isa-isahin ito pagkatapos.

Milyun-milyong taon na ang nakararaan, ang mga unang hayop ay umalis sa dagat upang subukang manirahan sa lupa. Sa kalaunan, dahilan sa pandaigdigang pagbabago ng heograpiya at klima ay nagpasya silang bumalik sa karagatan. Nag-evolv ang mga mammals hanggang sa makaangkop sila sa kanilang kapaligiran. Ang mga hayop na ito ay kabilang sa pangkat na tinatawag na *cetaceans.* Kasama rito ang ang mga dolphins, pating at mga balyena. Ang isa pang pangkat ng ganitong uri ng mammals ay kagrupo naman ng *pinnipedia family*. Kapamilya nito

ang mga *seals* at *sea lions*. Hihinga muna sila sa ibabaw ng dagat saka dadayv nang matagal.Kahanga-hanga kung gaano kahabang oras nakatatagal sa ilalim ng tubig ang mga *cetaceans.* Sila ay mga mahihinahong hayop at matatalino. Sila ang mga *mammals* na may pinakamalalaking utak sa buong mundo. May kakayahan silang makipagkomunikasyon at matuto nang mabilis. Ang mga awit nila ay maririnig nang milya-milya mula sa kanilang kinaroroonan. Nakahihiyang isipin na hinuhuli sila ng mga tao upang patayin lamang.

1. Bakit pansamantalang umalis sa karagatan ang mga *cetaceans*?

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

2. Bakit sila nagpasyang bumalik sa karagatan?

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

3. Sa pagdaan ng panahon paano nakaangkop ang mga *cetaceans* sa kanilang kapaligiran?

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

4. Anu-ano ang dalawang uri ng pangkat ng mga ganitong uri ng mammals.

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

5. Ilarawan ang mga katangian ng cetaceans.

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

Ganito ba ang iyong sagot? Sige ihambing mo.

1. Pansamantalang umalis sa karagatan ang mga *cetaceans* upang subuking manirahan sa kalupaan.
2. Dahilan sa pagbabago ng heograpiya at klima ng daigdig, nagpasya silang bumalik sa karagatan.
3. Sa pagdaan ng panahon, nag-evolv ang mga mammals na ito hanggang sa tuluyan na silang makaangkop sa kanilang kapaligiran.
4. Ang dalawang pangkat ng ganitong uri ng mga mammals ay tinawag na *cetaceans* at *pennipedia family.*
5. Ang mga *cetaceans* ay mahihinahon, matatalino, nakatatagal sa ilalim ng tubig ng mahabang oras, my kakayahang makipagkomunikasyon at nakakaawit.

Nakuha mo ba ang mga tamang impormasyon? Marahil ay "Oo." Maaari ka nang tumuloy sa Sub-aralin 2.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sub- Aralin 2:

### Pagbabaybay Batay sa Binagong Alfabeto
### Panghihiram ng mga Salita

**Layunin:**

1. natutukoy at nagagamit ang walong dagdag na letra sa binagong alfabeto
2. naiisa-isa ang mga paraan ng panghihiram ng salita
3. nagagamit nang wasto ang mga salitang hiram batay sa binagong alfabeto

**Alamin**

Napansin mo ba na maraming salitang hiram na ginamit sa mga tekstong informativ na binasa mo? Tama ka, marami nga. Pag-aaralan mo naman ngayon ang mga paraan ng panghihiram ng salita.

Balikan mo ang ilang bahagi ng textong ***Mga Butanding ng Donsol.***

Paano kaya binuo ang mga pangungusap na may terminong banyaga? Obserbahan habang binabasa ang mga talata. Pagtuunan mo ng pansin ang mga salitang may salungguhit.

**(3)** Ang Butanding ay hindi kumakain ng mas malalaking nilalang tulad ng mga malalaking laman-dagat, isda o tao. Sa mga pag-aaral ng mga **siyentipiko**, ang kinakain ng Butanding ay mga **plankton** (maliliit na hayop), at mga hipon. Wala siyang matatalas na ngipin tulad ng ibang pating, at ang kanyang pagkain ay hinihigop ng kanyang napakalaking bibig (mga 8 **metro** ang lapad) at sinasala ng kanyang mga hasang.

Ano ang naobserbahan mo? Tama ka. Ang mga salitang may salungguhit ay hiram.
Paano ito hiniram? May mga salitang tuwirang hiniram at mayroong binago ang ispeling, di ba? Paano iyon? Huwag kang mag-alala. Iyan ang paksa ng sub-araling ito.

**Linangin**

Ituloy mo ang pagbasa ng iba pang talata mula sa Butanding.

(**4**) Kung nais mong maranasan ang kakaibang biyayang ito, kailangang pumunta sa **Bicol**. Mula sa Maynila kailangang magpunta sa Donsol, Sorsogon, pagdating sa Donsol, Sorsogon, kailangang

**__magparehistro__** sa **__lokal__** na tanggapan ng turismo, at manood ng isang natatanging palabas tungkol sa mga Butanding. Isang "Butanding Information Officer" o BIO at mga kasama na magpapatakbo ng inyong bangka ang kailangan upang makapaglayag papalapit sa mga mahinahon nating bagong kaibigan. Ituturo sa mga lalangoy na may "**__diving mask__**" at "**__snorkel__**" ang mga alituntunin bago pa man maglayag papalaot.

(**5**) Maraming kailangang sundin upang ipakita ang paggalang sa mga Butanding tulad ng hindi paghipo o pagsakay. Hindi gumagamit ng mga **__scuba gear__**, at iba pang gamit na makapagtataboy sa kanila. Hindi rin gumagamit ng "**__flash photography__**". Dapat pa ding alalahaning sila ay mga "**__wild__**" at hindi turuan. Minsan tumatagal ang mga "**__encounter__**" dahil ang mga Butanding ay kumakain. Natatapos ang mga "**__encounter__**" 'pag nagdesisyon ang mga Butanding na lumangoy palayo.

Subukin mong isulat sa tamang kolum ang mga salitang hiram na nabasa mo. Ang unang kolum ay para sa tuwirang hiniram at ang ikalawa ay para sa may pagbabagong naganap sa ispeling. Ginawa na para sa iyo ang unang bilang. Maaari ka nang magsimula.

| Tuwirang Hiniram | Binago ang Anyo at Ispeling |
|---|---|
| Diving mask | siyentipiko |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Ganito ang posibleng maging sagot mo:

| Tuwirang Hiniram | Binago ang Anyo at Ispeling |
|---|---|
| Diving mask | siyentipiko |
| Plankton, | Metro |
| Snorkel | lokal |
| Wild | magparehistro |
| Encounter | turismo |
| Flash | |
| Photography | |
| scuba gear | |
| Bicol | |

Ano ang napansin mo? Buung-buo ang panghihiram ng mga salita, di ba? Ano sa palagay mo ang dahilan? May katumbas ba sa Filipino ang mga salitang tuwirang hiniram? Wala ano? Kung mayroon man ay baka hindi makuha ang kahulugan. Suriin natin ang mga sumusunod na pangungusap at subuking tumbasan ang mga salitang nakabold.

Orihinal 1: Mula sa Maynila kailangang magpunta sa Donsol, Sorsogon. Pagdating sa Donsol, Sorsogon, kailangang magparehistro sa **local** na tanggapan ng turismo.

Katumbas: ________________

Orihinal 2: Ituturo sa mga lalangoy na may "**diving mask**" at "**snorkel**" ang mga alituntunin bago pa man maglayag papalaot.

Katumbas: ________________ ________________

Orihinal 3: Hindi gumagamit ng mga **scuba gear**, at iba pang gamit na makapagtataboy sa kanila.

Katumbas: ________________

Orihinal 4: Hindi rin gumagamit ng "**flash photography**".

Katumbas: ________________

Orihinal 5: Minsan tumatagal ang mga "**encounter**" dahil ang mga Butanding ay kumakain.

Katumbas: ________________

Kumusta ang panghihiram mo? Naging madali ba? Anu-ano ang mga dinaanan mong proseso? Nag-isip kang mabuti, di ba? Ganoon nga ang nangyayari sa panghihiram. Sa panghihiram, sinusubukan mo munang ihanap ng katumbas sa Filipino hanggang maaari. Kung wala kang maitumbas ay binabaybay mo ayon sa tunog ng salita. Kung hindi ito maaari dahil baka hindi makilala ang orihinal, hinihiram na lamang nang tuwiran ang salita. Humigit-kumulang ganito ang dapat na naging panghihiram mo.

| Orihinal | Salin |
|---|---|
| 1. local | lokal |
| 2. snorkel | isnorkel |
| 3. diving mask | maskarang pandayv |
| 4. scuba gear | iskuba gear |
| 5. flash photography | flash fotografi |
| 6. encounter | enkawnter |

May iba ka bang naging sagot? Upang higit na malinawan, mahalagang alamin ang mga prosesong dapat na sundin sa panghihiram. Makakatulong sa iyo ang pagbabalik-aral sa 8 dagdag na letra sa ating alfabeto at ang paraan ng paggamit nito.

Ang Alfabetong Filipino ay binubuo ng 28 letra na ganito ang ayos:

**A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K ,L, M, N, Ň, NG, O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z**

Sa 28 letrang ito ng alfabeto, 20 letra ang nasa dating ABAKADA (A, B, K, D, E, G, H, I, L, M, N, NG. O, P, R, S, T, U, W Y), at **8 letra ang dagdag dito** (C, F, J, Ň, Q, V, X, Z) na galing sa mga umiiral na wika at wikain ng Pilipinas at sa iba pang mga wikang banyaga.

Ang walong dagdag na letrang ito ang tutulong upang maging madali ang panghihiram ng Filipino sa iba't ibang wika at wikain. Basahin at pag-aralan mo ang mga tuntunin upang maging gabay mo sa pagbabaybay.

May tiyak na mga tuntunin sa gamit ng walong letrang hiram. Narito, pag-aralan mo:

1. Letrang C

   1.1 Panatilihin ang letrang C kung ang salita ay hinihiram sa orihinal na anyo.

   | | | | |
   |---|---|---|---|
   | Halimbawa: | calculus | chlorophyll | cellphone |
   | | carbohydrates | de facto | corsage |

   May naiisip ka pa bang halimbawa na pwede mong idagdag?

   1.2 Palitan ang letrang C ng letrang S kung ang tunog ay /s/, at ng letrang K kung ang tunog ay /k/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang C.

   | | | |
   |---|---|---|
   | | c → s | c → k |
   | Halimbawa: | participant → partisipant | magnetic → magnetic |
   | | central → sentral | card → kard |

   Ano pa ang ibang halimbawa?

2. Letrang Q

   2.1 Panatilihin ang letrang Q kung ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo.

   Narito ang ilang halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| quo vadis | quotation | quad |
| quartz | quantum | opaque |

2.2 Palitan ang letrang Q ng KW kung ang tunog ay /kw/ at ng letrang K kung ang tunog ay /k/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang Q.

q → kw          q → k

Narito ang ilang halimbawa:

sequester → sekwester          quota → kota

Baybayin mo nga sa Filipino ang *quarter* at *quorum.*

Dapat ang sagot mo ay <u>kwarter</u> at <u>korum</u>.

3. Letrang Ñ

Ayon sa patnubay:

3.1 Panatilihin ang letrang Ñ kung ang salita ay hiram sa orihinal na anyo.

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| La Tondeña | Sto. Niño | El Niño |
| Malacañang | La Niña | coño |

3.2 Palitan ang letrang Ñ ng mga letrang NY kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang Ñ.

ñ → ny

Halimbawa: paño → panyo

Subukin mo ngang baybayin sa Filipino ang sumusunod:

*piña*          *cariñosa*          *cañon*

Kung ang sagot mo ay <u>pinya</u>, <u>karinyosa</u> at <u>kanyon</u>, tama ka!

4. Letrang X

Magpatuloy tayo. Letrang X naman ngayon.

4.1 Panatilihin ang letrang X kung ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo.

| | | |
|---|---|---|
| axiom | wax | export |
| exodus | xylem | praxis |

4.2 Palitan ang letrang X ng KS kung ang tunog ay /ks/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang X.

| | | | |
|---|---|---|---|
| x → ks | | | |
| experimental → eksperimental | | texto → teksto | |
| taxonomy → taksonomi | | exam → eksam | |

5. Letrang F

Heto naman ang sinasabi tungkol sa letrang F:

Gamitin ang letrang F para sa tunog /f/ sa mga hiram na salita

| | |
|---|---|
| Tofu (Nihonggo) 'tokwa' | futbol |
| French fries | fasiliteytor |

Idagdag pa ito:

| | |
|---|---|
| lifeguard | fraterniti |
| fuddul (Ibanag) 'maliit na burol' | fokus |

Ganyan din halos ang sinasabi paras a letrang J, V, at Z.

Sige, pag-aralan mo ang halimbawa.

Letrang J

Gamitin ang letrang J para sa tunog /j/ sa mga hiram na salita.

| | |
|---|---|
| jam | sabjek |
| juice | jaket |
| majahid (Arabic) 'tagapagtanggol ng Islam' | jornal |
| jantu (Tausug) 'puso | objek |

Letrang V

Gamitin ang letrang V para sa tunog /v/ sa mga hiram na salita.

| | |
|---|---|
| vertebrate | varayti |
| verbatim | volyum |

Letrang Z

Gamitin ang letrang Z para sa tunog /z/ sa mga hiram na salita.

| | |
|---|---|
| zebra | magazin |
| zinc | bazar |

Alam ko, naninibago ka sa baybay at pagbaybay ng mga salita. Pero, kailangan mong matutunan ito.

Ngayon, subukin mong gawin ang mga sumusunod na pagsasanay:

Gawain 1: Basahin ang talata at bigyang-pansin ang mga salitang nasa loob ng panaklong. Piliin at isulat sa sagutang papel ang mga salitang binaybay sa Filipino.

Sa aking pagpasok sa (**school-iskul**), nakita ko agad ang aking mga kaklase. Binati ko sila at sabay-sabay na kaming lumakad sa (**campus-kampus**). Masasaya kaming nag-uusap nang mapuna ko ang isang (**advertisement-advertisment**) sa (**magazine-magazin**) na dala ni Kristine. Nangangailangan ng isang (**model-modelo**) sa isang (**commercial-komersyal**). Syempre, interesadong-interesado ako kasi matagal ko nang (**ambition-ambisyon**) na maging artista! Kaya, pagkatapos ng klase, niyaya ko silang alamin ang lahat ng detalye tungkol sa (**audition-awdisyon**)!

Kumusta, hindi ka ba naguluhan? Ang dapat mong maging sagot ay ganito: iskul, kampus, advertisment, magazin, komersyal, ambisyon, awdisyon.

Kung nalito ka man, masasagot ang iyong mga tanong ng iba pang mga tuntunin sa panghihiram. Basahin at unawain mo ang mga mahahalagang detalye. Maaari mo rin itong kopyahin sa iyong notbuk.

a. Gamitin ang kasulukuyang leksikon ng Filipino bilang panumbas sa mga salitang banyaga.

Halimbawa:

| **Hiram na Salita** | **Filipino** |
|---|---|
| attitude | Saloobin |
| rule | Tuntunin |
| ability | Kakayahan |
| wholesale | Pakyawan |
| west | Kanluran |

Maibibigay mo ba ang katumbas sa Filipino ng *government, mandate, at natural?*
Ang mga panumbas diyan ay pamahalaan, atas at likas.

b. Kumuha ng mga salita mula sa iba't ibang katutubong wika ng bansa.

Halimbawa:

| **Hiram na Salita** | **Filipino** |
|---|---|
| hegemony | gahum (Cebuano) |
| imagery | haraya (Tagalog) |
| husband | bana (Hiligaynon) |
| Muslim priest | imam (Tausug) |

Mabuti ba ito?
Syempre!
Kapag sinunod natin ito, matutuwa ang mga kapwa Pilipino natin dahil nailalahok ang kanilang wika sa pagpapaunlad ng Filipino.

c. Bigkasin sa orihinal na anyo ang hiniram na salita mula sa Kastila, Ingles at iba pang wikang banyaga, at saka baybayin sa Filipino.

Halimbawa:

| Kastila | Filipino | Ingles | Filipino |
|---|---|---|---|
| (1) | | (2) | |
| Cheque | tseke | centripetal | sentripetal |
| Litro | litro | commercial | komersyal |
| Liquido | likido | advertising | advertayzing |
| education | edukasyon | economics | ekonomiks |
| qilates | kilatis | radical | radikal |

| Iba pang Wika | Filipino |
|---|---|
| (3) | |
| coup d'etat (French) | kudeta |
| chinelas (Kastilas) | tsinelas |
| kimono (Japanese) | kimono |
| glasnost (Russian) | glasnost |
| blitzkrieg (German) | blitzkrig |

Pagsanayan mong bigkasin ang mga orihinal na salita. Malapit ba sa bigkas ng mga ito ang mga salita sa Filipino?
Malapit, 'di ba?

**Gamitin**

**Gawain 1** Tingnan  muli kung alam mo na.

Panuto: Piliin mula sa listahan ang mga salitang angkop na gamitin sa komiks istrip. Isulat sa patlang.


Sitwasyon 1: Sa Kampus

paseroks        okey        pagkamiting        asaynment        hand-out




Sitwasyon 2: Sa Isang Laro ng Basketbol

fawl        mateknikal        mag-overtaym        Fawl- kawnted        referi



Nasagutan mo ba nang maayos ang mga pagsasanay?. Ikumpara mo rito ang iyong sagot.

Sitwasyon 1:  Sa Kampus


1. asaynment
2. hand-out
3. paseroks
4. pagkamiting
5. Okey

Sitwasyon 2:Sa Isang Laro ng Basketbol

1.fawl
2. referi
3. fawl-kawnted
4. mateknikal
5. mag-overtaym

Paano naman kapag ang hinihiram ay mga salitang teknikal o siyentipiko?

Sitwasyon 3: Sa Isang Resort



**Reaksyong Kemikal sa Pool**

Napakahalagang panatilihing malinis at ligtas ang mga swimming pool. Nagdadala ng sakit ang **bacteria**. Pinadudumi ng **algae** ang tubig na nagiging dahilan upang magbara ang mga filter nito. Upang maiwasan ang paglaki at pagdami ng algae at bacteria, karaniwang ginagamit na panlinis ang chlorine.

Ang likwid chlorine ay isang solusyong nagtataglay ng **hypochlorite** (NaClO). Ang **dry chlorine** ay **solid calcium hypochlorite (CaClO)** nag hahadrolayz ng tubig at bumubuo ng mahinang klase ng **hypochlorous acid** ang hypochlorite.

$$ClO^-_{(aq)} + H_2O_{(1)} \longrightarrow HClO_{(aq)} + OH^-$$

Para maiwasan ang paglaki at pagdami ng algae at bacteria, dapat na panatilihin ang sapat na konsentrasyon ng hypochlorous acid.




Ano ang napansin mo sa mga sumusunod na salitang nakabold?
Hindi binago ang ispeling, di ba?

| | |
|---|---|
| Bacteria | algae |
| Hypochlorite | dry chlorine |
| Solid calcium hypochlorite | hypochlorous acid |
| ClO | HO |
| $ClO^-_{(aq)}$ | $H_2O_{(1)}$ |

Bakit? Narito ang paliwanag. Hinihiram nang buo ang mga pantanging ngalan ng salitang teknikal at siyentipiko, mga salitang may natatanging kahulugang kultural, may iregular na ispeling at mga salitang may internasyonal na anyong kinikilala at ginagamit. Narito ang ilang mga halimbawa ng ganoong salita:

| | |
|---|---|
| cañao | jihad |
| pizza | lasagña |
| Quezon Avenue | Washington D.C. |
| Oxygen | Phylum |

Bago ka tumuloy sa kasunod na bahagi, balikan mo muna ang mga araling hindi gaanong malinaw sa iyo. Kung nauunawaan mo nang lahat, maaari ka nang magpatuloy.

**Lagumin**

Natapos mo nang pag-aralan ang mga tuntunin sa ispeling ng binagong alfabeto at panghihiram ng mga salita. Balikan mo ang ilang mga impormasyong dapat mong tandaan.

1. Ang walong dagdag na letra sa alfabetong Filipino ay ang mga sumusunod: C, F, J, N, Q , V, X, Z. Ginagamit ito sa mga salitang banyaga upang maging maluwag ang panghihiram ng wikang Filipino.

2. Sa panghihiram ng salita, dapat tandaan ang mga sumusunod:

   a. Gamitin ang kasalukuyang leksikon ng Filipino bilang panumbas sa mga salitang banyaga.

   b. Kumuha ng mga salita sa iba`t ibang katutubong wika ng bansa.

   c. Bigkasin sa orihinal na anyo ang hiniram na salita mula sa Kastila, Ingles at iba pang wikang banyaga at saka baybayin sa Filipino.

   d. Hiramin nang buo ang mga pantanging ngalan ng salitang teknikal at siyentipiko, mga salitang may natatanging kahulugang kultural, may iregular na ispeling at mga salitang may internasyunal na anyong kinikilala at ginagamit.

Kung nauunawaan mo na ito, maaari ka nang tumuloy sa SUBUKIN. Kung kulang pa ang iyong kaalaman, balikan mo ang mga leksyong di-gaanong naintindihan at pag-aralang muli.

**Subukin**

A. Panuto: Isulat sa baybay- Filipino ang mga salitang hiram at gamitin sa pangungusap na informativ.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Aquarium | ____________________ | 6. Chemistry | ________________________ |
| 2. Economics | ____________________ | 7. Deforestation | ________________________ |
| 3. Picture | ____________________ | 8. Accountant | ________________________ |
| 4. Subject | ____________________ | 9. Integration | ________________________ |
| 5. Vertical | ____________________ | 10. Pollutant | ________________________ |

B. Panuto:Lagyan ng tsek (✓) ang kaliwang kahon ng mga salitang hinihiram nang buo at ekis (x) ang mga salitang binago ang ispeling. Sa kanang kahon, isulat ang tamang ispeling kung binago ito.

| | | |
|---|---|---|
| | 1. $CO_2$ | |
| | 2. apparatus | |
| | 3. scientific | |
| | 4. vertex | |
| | 5. chromosomes | |
| | 6. enzyme | |
| | 7. jihad | |
| | 8. computer | |
| | 9. banquet | |
| | 10. champagne | |

Itsek mo ang iyong sagot. Ihambing mo dito.

1. akwaryum
2. Ekonomiks
3. piktyur
4. sabjek
5. vertikal
6. kemistri
7. deforesteysyon
8. akawntant
9. integrasyon
10. polyutant

Paraan ng Panghihiram

1. ✓
2. **X** - aparatus
3. **X** - sayantifik
4. ✓
6. ✓
7. ✓
8. **X** - kompyuter
9. ✓

5. ✓ 10. ✓

C. Panuto: Isulat ang mga salitang hiram na angkop sa diwa ng mga pangungusap sa talata.

| | |
|---|---|
| elektroniks | *Law of buoyancy* |
| cellphone | e-trade |
| segundo | texters |
| tv | eroplano |
| efisyent | komunikasyon |
| imbensyon | teknoloji |

Nakagugulat talaga ang tao at ang kanyang kakayahang mag-isip. Maraming (1)__________________ ang halos hindi mapaniniwalaan lalo na ng mga sinaunang tao. Halimbawa, napalipad ang (2)_____________ gayong napakabigat nito. Napalutang ang barko dahil sa konsepto ng (3)________________________. Naimbento ang telepono, ang radyo, ang (4)________________, ang telepono, ang relo at marami pang iba. Kahanga-hanga! Kahit na kaliiit-liitang bagay ay napag-uukulan ng pansin. Aakalain ba nating ang henerasyong ito ay magiging henerasyon ng (5)__________? Ang bawat mensaheng ipadadala, sa loob lamang ng ilang (6)________________ at matatanggap ng pinadalhan. Nakatutuwa ngang makita na kahit na matatanda ay nagtetext. Hindi ba ang ganitong imbensyon ay dulot ng (7)__________________? Napakalaki ng nagawang pagbabago at pag-unlad nito sa ating buhay. Kung iisipin, hindi lang sa larangan ng komunikasyon nakatulong ito kundi maging sa ekonomiya. Nauso na ang (8)_____________. Mabilis at (9)____________________ ang paraan ng pagnenegosyo. Ang mga transaksyon ay natatapos sa pamamagitan ng (10)___________________. Ano pa kaya ang susunod?

Iwasto mo ang iyong sagot.

1. imbensyon
2. eroplano
3. law of buoyancy
4. tv
5. texters
6. segundo
7. cellphone
8. e-trade
9. efisyent
10. elektroniks

Marahil ay tama ang lahat ng iyong sagot. Subukin mo naman ang kasunod na pagsasanay.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, maaari ka nang tumuloy sa Sub-aralin 3. Kung hindi, gawin mo ang **PAUNLARIN** upang matulungan ka sa mga araling hindi mo gaanong naunawaan.

**Paunlarin**

**Gawain 1 Pagbabaybay**

Panuto: Isulat sa baybay-Filipino ang mga salitang hiram.

1. Algebra ___________________
2. Building ___________________
3. Genetics ___________________
4. Subsistence ___________________
5. Chemical ___________________

**Gawain 2 Panghihiram ng mga Salita**

Panuto: Isulat sa patlang ang salitang hiram na angkop sa diwa ng mga pangungusap.


| | | |
|---|---|---|
| bouquet | varayti | textbuk |
| pizza | komunikasyon | midyum |

1. Gustung-gusto ng mga kabataan ang _______________ dahilan sa ibang lasa nito.
2. Mahalagang magkaroon ng _________________ ang ating kultura upang tayo ay umunlad.
3. Maraming _______________ na ang nasusulat sa Filipino.
4. Binigyan ng ________________ ng mga panauhing pandangal sa pagdiriwang.
5. Ang ______________ ay mabisang daan tungo sa kaunlaran.

**Gawain 3**:

Panuto: Pumili ng angkop na salitang hiram sa dayalogo. Isulat sa iyong sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kompyuter | mag-email | print | Microsoft word |
| Friendster | log-in | paper jam | log-out |
| makapag-Internet | CPU | PC | surf |




Ganito ba ang sagot mo? Kung “ Oo”, tama ka.

Gawain 1: Pagbabaybay

1. Aljebra
2. Bilding
3. Jenetiks
4. Sabsistens
5. Kemikal

Gawain 2:

1. pizza
2. varayti
3. texbuk
4. bouquet
5. komunikasyon

Gawain 3: Panghihiram

1. Friendster
2. makapag-internet
3. PC
4. log-in
5. virus
6. surf

Ngayon, maaari ka nang tumuloy sa Sub-aralin 3.

# Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 3:

## Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari
## Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Pangyayari

**Layunin:**

1. naiuugnay ang mga pansariling karanasan at kaisipan sa tekstong binasa
2. nabibigyang kahulugan ang magkakaugnay na pahayag upang maibigay ang sanhi at bunga ng mga pangyayari
3. natutukoy ang punto ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pahayag

**Alamin**

Beybi ka pa lang ay lagi ka nang umiinom ng gatas. Nang nag-aaral ka na, ipinaliwanag ng iyong mga titser ang kahalagahan nito sa katawan. Ngayong nasa hayskul ka na, kailangan mo pa rin ba ito? Ano nga ba ang epekto ng gatas at ng iba pang *dairy products* sa ating katawan? Ano ang magiging bunga ng kakulangan nito? Malalaman mo ang sagot sa pamamagitan ng seleksyong ito.

Tutulungan ka ng modyul na ito na maunawaan ang ugnayang sanhi at bugna sa mga tekstong iyong binabasa.

**Linangin**

a. Babasahin mo ngayon ang isang artikulong tumatalakay sa isang uri ng sakit sa buto na maaaring maaagapan at malunasan ng gatas at ng mga kauring pagkain. Tingnan mo kung matatandaan mo ang mga dahilan ng pagkakaroon nito.

Maaari ka nang magsimula.

**CALCIUM AT OSTEOPOROSIS**

Natuklasang isa sa apat na babaeng hindi na nireregla ay nababalian ng buto sa edad na 65. Bunga nito ay maaga silang hindi gaanong nakagagawa o nakakikilos na nagdudulot naman sa kanila ng pagkabugnot o pagkainip. Tinatayang 10%-15% naman ng mga kalalakihan ay maaari ring magkaroon ng ganitong sakit sa gulang na 70 taon.

Nagkakaroon ng osteoporosis kapag ang level ng calcium at phosphorous ay hindi nakasasapat sa pangangailangan ng katawan. Ito ang mga mineral na kailangan para sa mahusay na pormasyon ng buto.Nagpapatigas ito at nagpapatibay ng *framework* ng katawan. Ang kakulangan nito ay nagdudulot ng kawalan ng *bone mass*, na nagiging dahilan upang ang mga buto ay matuyo at maging malutong.

Mas apektado nito ang mga babae sapagkat mas magaan ang kanilang buto kaya mas kakaunti ang deposito ng calcium. Sa panahong ang mga babae ay nagbubuntis, malaking porsyento ng calcium ang nawawala sa kanya. Nalilipat ito sa kanyang sanggol kaya lagi silang pinapayuhang uminom ng mga supliment na bitamina. Sa pamamagitan nito, unti-unting mababawi ng ina ang calcium na nawawala sa kanya. Hindi lamang iyon, dahil din dito, mas nagiging malusog ang buto ng sanggol na kanyang ipinagbubuntis.

Ang iba pang mga sanhi ng osteoporosis ay edad, lahing pinagmulan, kasaysayang medikal ng pamilya, mababang suplay ng vitamin D, maliit na pangangatawan, kawalan ng ehersisyo, paninigarilyo at labis na pag-inom ng inuming may alkohol.

Bunga nito, pinapayuhan ang lahat na huwag pabayaang bumaba ang suplay ng ng calcium at ng iba pang mga bitamina sa ating katawan. Maaari itong makuha sa mga pagkaing tulad ng keso, gatas, gulay at mga vitamin na supliment. Dapat ding alagaan ang katawan at iwasan ang pagmamalabis sa sigarilyo at alak.

Balikan mo ang tanong kanina. Ano ang magagawa ng gatas at iba pang *dairy products* sa ating katawan? Tama! Pinatitigas nito ang ating mga buto. Nagdudulot ito ng malusog na pangangatawan sa tao. Bunga ito ng pag-inom ng gatas at pagkain ng mga *dairy products*, di ba?

Revyuhin mo nga ulit ang teksto. Bilugan ang pitong salitang banyagang ginamit at hiniram nang tuwiran sa talata. Isulat ang mga salita sa hiwalay na sagutang papel.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | E | J | K | L | A | R | K | Y | M | I | E | M | I |
| B | O | N | E | M | A | S | S | T | A | N | K | S | C | N |
| F | T | S | B | R | V | Z | I | N | C | E | R | E | A | T |
| R | C | O | T | S | A | I | N | T | S | A | M | T | L | E |
| A | A | T | L | E | V | E | L | L | I | N | G | I | C | L |
| M | U | R | A | N | O | B | A | V | I | T | A | M | I | N |
| E | S | Y | G | I | F | P | R | E | V | I | T | O | U | G |
| W | E | Y | L | A | W | S | O | D | U | D | E | D | M | A |
| O | D | O | L | L | E | D | W | R | C | C | K | E | D | M |
| R | B | S | R | E | N | G | E | A | O | M | A | R | I | E |
| K | Y | I | S | E | T | E | X | I | T | S | A | V | E | S |
| S | A | M | C | H | E | M | I | C | A | L | I | G | H | T |
| A | R | P | H | O | S | P | H | O | R | O | U | S | A | K |

Naisulat mo na? Ganito rin ba ang sagot mo?  Kung “Oo”, tama ka.

Osteoporosis
Bone mass
Vitamin
Phosphorous
Calcium
Level
Framework

b. Subukin mong sagutin ang ilan pang mga tanong upang matiyak na nauunawaan mo ang iyong binasa.

1. Kung bababa ang suplay ng calcium sa katawan, ano ang mangyayari?

   ______________________________________________________________

2. Bakit mas karaniwang umaatake ang osteoporosis sa mga matatandang babae ? Ipaliwanag.


   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Isa-isahin ang iba pang mga sanhi ng osteoporosis.

Mga Sanhi:

OSTEOPOROSIS



1. ________________________________

2. ________________________________

3. ________________________________

4. ________________________________

5. ________________________________

Humigit-kumulang ay ganito ang iyong sagot.

1. Kung bababa ang suplay ng calcium sa katawan ng tao, maaaring magkaroon siya ng osteoporosis.

2. Mas karaniwang umaatake ang osteoporosis sa mga matatandang babae dahil sa mas mabilis bumaba ang suplay ng calcium sa kanilang katawan. Nagkakaroon sila ng kakulangan sa calcium bunga ng pagbubuntis. Bukod dito, mas maliliit at magaan ang kanilang mga buto kaya mas kaunti ang deposito ng nasabing mineral.

3. Ang iba pang mga sanhi ng osteoporosis ay ang mga sumusunod: lahing pinagmulan, kasaysayang medikal ng pamilya, hindi aktibong uri ng pamumuhay, labis na paninigarilyo at pag-inom ng alak, mababang suplay ng vitamin D, maliit na pangangatawan at kawalan ng ehersisyo.

Nasagutan mo ba nang maayos ang mga tanong? Marahil ay "Oo". Pero bago mo nagawang sagutan, kinailangan mo pang balikang muli ang talata. Hinanap mo muna ang mga detalyeng naging batayan mo ng mga sagot, di ba? Kasi dapat na ito ay eksakto at hindi gawa-gawa lamang.Tiyak ang mga tanong, kaya dapat ay tiyak din ang mga sagot. Ganito talaga ang nangyayari kapag hinahanap ang **sanhi at bunga** ng mga pangyayari.

Pag-aralan mo ang pangungusap na ginamit kanina:

- **Kung bababa ang suplay ng calcium sa katawan ng tao, maaaring magkaroon siya ng osteoporosis**.

Batay sa pangungusap na ito, sagutin ang mga tanong:

☺ Ano ang mangyayari kapag bumaba ang suplay ng calcium sa katawan ng tao?
**Magkakaroon siya ng osteoporosis,** hindi ba?
Ito ang magiging **bunga** ng pagbaba ng suplay ng calcium.

☺ Ano ang sanhi ng osteoporosis?
**Ang pagbaba ng suplay ng calcium sa katawan ng tao,** tama?
Ito ang **sanhi** ng osteoporosis.

Suriin mo pa ang isang halimbawang pangungusap:

- **Mas karaniwang umaatake ang osteoporosis sa mga matatandang babae dahil sa mas mabilis bumaba ang suplay ng calcium sa kanilang katawan.**

☺ Ano ang **sanhi o dahilan** ng malamang na pag-atake ng osteoporosis sa mga babae?

**Ang mabilis na pagbaba ng suplay ng calcium sa kanilang katawan**.

Ito marahil ang sagot mo. Kung oo, tama ka.

☺ Ano ang **bunga** ng mabilis na pagbaba ng suplay ng calcium sa mga babae?

**Mas nagiging karaniwan sa kanila ang pag-atake ng osteoporosis**.

Kung ito ang iyong sagot, tama ka.

Mula sa mga pangungusap na ito ay malinaw mong makikita ang sanhi o dahilan at bunga ng kilos ng mga pangyayari. May mga salitang ginagamit upang mapag-ugnay ang sanhi at dahilan ng mga pangyayari sa pangungusap.

Maaaring gamitin ang:

| | |
|---|---|
| Dahil sa | dahil dito |
| sapagkat | bunga ng |
| Sa ganitong kadahilanan | kaya |

Tandaan lamang na kapag ginagamit ang mga pang-ugnay na ito, kailangang maayos na nakahanay ang mga sanhi at bungang binabanggit. Ang ibig sabihin, ihanay ang mga salita o parirala ayon sa kanilang gamit sa loob ng pangungusap.

Sa halimbawang pangungusap:

Mas karaniwang umaatake ang osteoporosis sa mga matatandang babae **dahil sa** mas mabilis bumaba ang suplay ng calcium sa kanilang katawan.

Pansinin na pagkatapos ng **dahil sa,** kaagad na sumunod ang pariralang naglalahad ng dahilan ng pangyayari. Kung ang paghahanay ng mga parirala ay hindi maayos, maiiba ang diwa ng pangungusap.

Tulad nito:

**Dahil sa** mas karaniwang umaatake ang osteoporosis sa mga matatandang babae, mas mabilis bumaba ang suplay ng calcium sa kanilang katawan.

Naiba ang kahulugan, di ba? Baligtad! Ito ang dahilan kaya dapat na ihanay nang maayos ang mga salita at parirala. Kaugnay nito, pag-aralan mo naman ngayon ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pahayag.

Basahin ang pares ng mga pangungusap na mula sa texto.

1. a. Mas apektado nito (osteoporosis) ang mga babae sapagkat mas magaan ang kanilang buto kaya mas kakaunti ang deposito ng calcium.

   b. **Samantala**,tinatayang 10%-15% lamang mga kalalakihan ang maaaring magkaroon ng ganitong sakit sa gulang na 70 taon.

Ano ang paksa ng unang pares ng pangungusap? Tama, osteoporosis. Sinu-sino ang pinaghahambing sa dalawang pangungusap? Ang mga babae at lalaki, di ba? Magkatulad ba ang impormasyong sinasabi tungkol sa kanila? Hindi. Ipinakikita ng mga pangungusap ang kaibahan ng kundisyon ng pagkakaroon ng osteoporosis ng mga lalaki at babae. Napansin mo ba na **magkasalungat o nagkokontrast** ang mga pahayag? Tama, magkaiba nga. Anong salita ang nagpapakita nito? Ang salitang **samantala** ang nagpakita ng kanilang pagkakaiba, 'di ba?

Ngayon, suriin mo ang ikalawang pares ng pangungusap:

2. a. Ang osteoporosis ay isang malalang kundisyon ng buto na karaniwang umaatake sa mga matatandang babae.

   b. Nagkakaroon **din** nito ang mga matatandang lalaki.

Ano ang paksa ng mga pangungusap? Osteoporosis, tama ka. Sinu-sino ang pinag-uusapan? Ang mga matatandang lalaki at babae. Magkasalungat ba ang impormasyong sinasabi tungkol sa kanila? Hindi. Kung gayon ay **magkatulad o hambingan** ang mga pahayag. Anong palatandaan ang ginamit upang maipakita ang pagkakatulad nila? Tama, ang salitang **din**.

Madali lamang malaman kung ang mga magkatulad o magkaiba ang mga pahayag. Una, naghahambing ito ng mga ideya o impormasyon. Maaaring pareho o magkaiba. Ikalawa, ang paghahambing na **magkatulad** ay gumagamit ng mga salitang tulad ng, **kapareho**, **paris ng**, **katulad ng**, at iba pang kauri. Ang mga paghahambing na magkaiba ay gumagamit ng <u>mas</u> / <u>higit</u> / , <u>di-gaano</u>…<u>kaysa</u>, <u>samantala</u>, <u>habang</u> at iba pa.

Marahil ay handa ka na. Subukin mong gawin ang kasunod na pagsasanay.

Basahin mo ang talata at sagutin ang mga tanong tungkol dito.

Sa ibang bansa, ang mga matatanda ay inilalagay sa mga institusyon . Ito ay dahilan sa wala na silang gaanong maaaring gawin at wala na ring maaaring mangalaga sa kanila. May mga tauhan at fasilitis doon na sumasagot sa kanilang mga pangangailangan. Subalit sa katagalan, nagiging problema na rin ang pagkuha ng mga empleyadong titingin sa kanila. Kaya, naisipan ng mga imbentor sa Japan na gumamit ng mga robotiks na makatutulong sa paglutas ng suliranin. Naimbento ni Mitsuru Haruyama, ang isang *washing machine* para sa tao. Ang imbensyon ay bunga na rin ng sariling pangngailangan. Siya mismo ay may kapansanan. Sinasabing nagugustuhan ng mga

matatanda ang *human washing machine* sapagkat nagdudulot ito ng mas efisyent na trabaho. Patuloy na umiimbento ang mga Hapones ng mga robot subalit wala silang balak na alisin ang mga taong maaaring personal na makaunawa sa kanilang pangangailangan bilang tao.

1. Isulat ang mga **sanhi** ng paglalagay ng mga matatanda sa institusyon sa ibang bansa.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. **Bunga** ng kakulangan ng mga empleyado, ano ang naging hakbang ng mga Hapones?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Dugtungan ang mga parirala ng mga impormasyong batay sa binasa.

3. Naimbento ni Mitsuru Hiruyama ang *human washing machine* **bunga** ng

______________________________________________________________________

4. Nagustuhan ng mga matatanda ang human washing machine **dahil** sa

______________________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong sagot sa mga sumusunod:

1. Ang mga **sanhi** ng paglalagay ng mga matatanda sa institusyon ay ang kawalan nila ng kakayahang gumawa at kakulangan ng mga taong mangangalaga sa kanila.

2. **Bunga** ng kakulangan ng empleyado, ang mga Hapones ay umimbento ng mga robotiks.

3. Naimbento ni Mitsuru Hiruyama ang *human washing machine* **bunga** ng sariling pangangailangan.

4. Nagustuhan ng mga matatanda ang human washing machine **dahil** sa mas efisyent itong magtrabaho.

**Gamitin**

**Gawain 1**

Isulat ang **S** kung sanhi, at **B** kung bunga ng mga pariralang nakabold.

Tinututulan ng mga Haponesa ang paglalagay sa kanila sa mga institusyon dahil sa (1) **mas gusto nilang manatili sa piling ng kanilang pamilya.** Sa panig naman ng pamahalaan, mahalaga sa kanila ang ganitong hakbang sapagkat (2)**nakikita nila ang pangangailangan sa susunod na henerasyon.** Kung iisipin, masasabing mas praktikal nga ito subalit marami pa ring negatibong reaksyon lalo na sa bansang nasanay sa pagiging malapit ng mga pamilya at iba pang kaanak sa isa't isa.(3.) **Nagkakaroon ng ganitong isyu** dahil na rin sa natuklasang problema. Walang sapat na tauhang maaaring maempleyo. (4) **Naging pansamantalang sagot ang robotiks** bunga ng agarang pangangailangan. Mahirap gawan kaagad ng solusyon ang problema (5) **dulot ng konserbatibong kultura ng mga taga-silangan na nakaugnay rito.**

**Gawain 2**

Tukuyin kung ang mga pangungusap ay magkatulad o magkaiba.

Isulat ang kabalikang anyo nito. Halimbawa, kung magkatulad, gawing magkaiba. Bigyang pansin ang mga nakabold na salita. Ito ang tiyak na paksa sa bawat set ng pangungusap. Gawin itong gabay sa pagbuo ng mga pangngusap. Ginawa na ang unang bilang para sa iyo.

1. Ang kultura ng mga taga-kanluran tungkol sa pagpapamilya ay makabago. Ang mga taga-silangan ay konserbatibo. MAGKAIBA.

   Pangungusap na **Magkatulad**: Pareho silang nagmamahal sa kanilang mga pamilya.

2. Ang mga kanluranin ay mahuhusay sa sining. Ganoon din ang mga taga-silangan.
   _____________

   Pangungusap na ________________: ______________________________________
   ________________________________________________________________________

3. Marahil may kaugnayan ang kalagayan ng pamumuhay sa kaibhan ng kanilang pananaw. Praktikal ang mga taga-kanluran kaysa sa mga taga-silangan.
   ______________

   Pangungusap na _____________: __________________________________________
   ________________________________________________________________________

Nag-isip at nagsuri ka, di ba? Ganoon talaga. Ihambing mo nga rito ang iyong sagot.

Gawain 1: Sanhi at Bunga

| | |
|---|---|
| 1.S | 4. S |
| 2.B | 5. S |
| 3.B | |

Gawain 2: Magkatulad at Magkaibang Pahayag
(Ganito humigit-kumulang ang mga sagot na pangungusap.)

1. Hambingan
Pangungusap na Magkaiba: Ang mga taga-kanluran ay mahusay sa sining na itinatanghal. Ang mga taga-silangan ay magaling sa eskultura.

2.Kontrast
Pangungusap na Magkatulad: Pareho silang nagsisikap na mabuhay nang maayos.

Sa palagay mo ba, nasagutan mo nang maayos ang mga gawain? Kung hindi, balikan mong muli ang mga aralin. Kung oo, magpatuloy ka na.

**Lagumin**

Narito ang ilang mahahalagang punto na dapat tandaan sa iyong pinag-aralan.

1. Matutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga dahilan at naging epekto ng isang kilos.

2. Gumagamit ang mga pangungusap na may sanhi at bunga ng mga salitang tulad ng **sapagkat**, **dahil sa**, **sa kadahilanang**, **bunga ng** at iba pa.

3. Ang mga pahayag na magkaiba at magkatulad ay makikilala sa pamamagitan ng pagsusuri ng ideyang inilalahad nito.

4. Gumagamit ang mga pahayag na magkaiba ng mga salitang tulad ng mas / higit /lalo, di-gaano…kaysa, samantala, habang at iba pa. Samantala, ang magkatulad ay gumagamit ng **kapareho**, **paris ng**, **katulad ng**, at iba pang kauri.

Malinaw na ba sa iyo ang aralin? Kung may bahaging hindi mo gaanong naunawaan, balikan mo. Kung malinaw na, maaari ka nang magpatuloy.

**Subukin**

I. Panuto: Isulat ang **S** kung ang pariralang nakabold ay sanhi at **B** kung bunga ng isang pangyayari.

___ 1. Nagkakaroon ng lindol dahil sa **pagkasira ng pundasyon ng *faultline*** sa ilalim ng lupa.

___ 2. **Yumayanig ang lupa** bunga ng mga nalilikhang puwang sa pagkilos na ito.

___ 3. Ang isa pang dahilan nito ay **ang pagsabog ng mga bulkan**.

___4. Bukod dito, maaari ring ibilang **ang erosyon** o ang unti-unting pagguho ng lupa.

___5. **Isang malaganap at malakihang disaster** ang dulot nito.

II. Panuto: Isulat ang **MK** kung magkatulad at **MI** kung magkaiba ang mga pares ng pahayag
.

____ 1. a. Ang mga babae ay mababagal kumilos kung mabibigat na gawain ang pag-uusapan.
b. Samantala, mabibilis ang mga lalaki.

____ 2. a. Ang mga babae ay mapagmahal sa pamilya.
b. Ganoon din ang mga lalaki.

____ 3. a. Karaniwan, ang mga lalaki ay gumagamit ng pangangatwirang lohikal.
b. Samantala, ang mga babae ay kadalasang emosyunal.

____ 4. a. Masisipag ang mga babae.
b. Katulad din sila ng mga lalaki.

____ 5. a. Sa pagtanda, mas nakapag-iisa ang mga babae.
b. Ang mga lalaki naman ay higit na nangangailangan ng masasandigan.

Itsek mo ang iyong sagot. Ganito ba?

| I. Sanhi at Bunga ng Pangyayari | II. Magkatulad at Magkaibang Pahayag |
|---|---|
| 1. S | 1. MK |
| 2. B | 2. MI |
| 3. S | 3. MK |
| 4. S | 4. MK |
| 5. B | 5. MI |

Nasagutan mo ba nang tama ang gawain?  Kung hindi, maaari mong  basahing muli ang mga aralin.  Kumuha ka na rin ng isang notbuk na maaari mong pagsulatan ng mga mahahalagang impormasyon. Pagkatapos, tumuloy ka na sa PAUNLARIN.  Sa kabilang dako, maaari mo nang kunin ang panghuling pagsusulit.

**Paunlarin**

Piliin mo lamang ang gawaing makatutulong sa iyo.

**Gawain 1- Sanhi at Bunga**

Suriin ang mga pangungusap. Tukuyin kung sanhi o bunga ang mga pariralang nakabold.

1. Ang pagbaha sa Metro manila ay bunga ng **mababang lokasyon nito**.

2. **Malapit kasi ito sa dagat at iba pang mga anyong tubig** kaya madaling bumaha.

3. Ang isa pang dahilan ay ang **pagbabara ng mga kanal at imburnal.**

4. Parami nang parami ang problema sa basura kaya **ang lahat ay dapat nang kumilos!**

5. **Ang pamahalaan ay patuloy na naglulunsad ng mga proyekto** upang maiwasan ang  paglubog ng Metro Manila kung tag-ulan.

**Gawain 2   Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Pahayag**

Isulat ang **MK** kung magkatulad at **MI** kung magkaiba ang mga pares ng pahayag.

_____ 1. a. Napagaan ng teknoloji ang paraan ng pamumuhay sa daigdig.
b. Bumigat naman ang pangangailangang pinansyal ng tao.

_____ 2. a. Kailangan ng tao ang lakas ng paggawa ng tao sa alinmang negosyo o industriya.
b. Gayundin ang pangangailangan ng modernisadong teknoloji.

_____ 3. a. Ang makina ay walang pakiramdam.
b. Hindi ito tulad ng tao, na sensitibo!

_____ 4. a. Ang tao ay kasama ng kanyang kapwa sa katuwaan man o kalungkutan.
b. Ang makinang tulad ng robot ay katulong lamang sa mga gawain.

_____ 5. a. Importante ang robot.
b. Samantala, mas mahalaga ang tao kaysa kahit na anong uri ng imbensyon.

Marahil ay nauunawaan mo na ang aralin. Ihambing ang iyong sagot dito.

Gawain 1: Sanhi at Bunga

1. Sanhi
2. Bunga
3. Sanhi
4. Bunga
5. Sanhi

Gawain 2: Magkatulad at Magkaiba

1. MI
2. MK
3. MI
4. MI
5. MI

## *Gaano ka na kahusay?*

### I. TEXTONG INFORMATIV

Panuto: Basahin at suriin ang talata. Nilagyan ng bilang ang bawat talata upang maging gabay mo. Isulat ang **I** kung ang teksto ay informativ at **HI** kung hindi.

1. Ang ***Wow Philippines*** ay isang proyektong nagsusulong ng turismo sa bansa. Pinasimulan ito ng dating Sekretaryo ng Turismo na si G. Dick Gordon. Noong una ay doon lamang ito ginawa sa Subic Naval Base. Ito ang baseng iniwan ng mga Amerikano pagkatapos na magwakas ang isandaang taon ng kasunduang mananatili sila doon. Naging matagumpay ang nasabing proyekto. Bunga nito, nagpatuloy ang programa hanggang madesisyunan ng pamahalaang irestor ang makasaysayang lugar ng Intramuros. Magastos nga lamang subalit sulit naman! Napakaganda ng Intramuros ngayon. Naging pook-pasyalan, hindi lamang ng mga banyaga kundi lalo't higit ang mga pamilyang Pilipino.Sa kasalukuyan, laganap na laganap sa bawat sulok ng bansa ang pagdedevelop ng mga lugar na maaaring maging atraksyon sa mga turista.

2. Mahirap unawain ang tao. Kung siya ay maputi, gusto niyang magbilad sa araw upang umitim. Kung maitim naman, kung anu-ano ang ginagawa para pumuti. Ang payat ay gustong tumaba, ang mataba ay gustong pumayat. Dagdag ng ilong, dagdag/ bawas ng dibdib. Bawas dito, dagdag doon. Walang kasiyahan! Napakaikli ng buhay para sayangin lamang sa mga walang kabuluhang bagay.

3. Nakapunta ka na ba sa Tinago Falls? Napakagandang lugar nito. Bagay na bagay ang pangalang ibinigay sa pook na ito. Nakatago talaga! Matatagpuan ito sa Iligan City. Mahirap puntahan ngunit sulit ang pagod kapag nakarating ka. Mula sa kapatagan, makikita mo ang karatulang ***Welcome to Tinago Falls!*** May mga *guide* na tutulong sa iyong paglalakbay. Napakatarik ng dadaanan. Tinatayang ang taas nito ay mga 20,000 talampakan. Daang tao lang ang gagamitin mo. Madulas kaya may mga kawayang ginagamit na hawakan. Pasikut-sikot at paikut-ikot ang daan. Sobrang nakakapagod

subalit pagdating sa ibaba ay talagang kahanga-hanga! Tanggal ang pagod mo. Iyon nga lang, mas nakakapagod ang bumalik sa itaas. Wala kasing ibang daan!

4. Inaprubahan ng *Food and Drug Administration* ng Amerika ang pagbebenta ng ***VeriChip***, isang kompyuter chip na kasinlaki ng butil ng bigas. Ito ay isa na namang malaking pagtuklas at pag-unlad sa Sayans. Ang chip na ito ay may tiyak na gamit sa larangan ng medisina. Ini-injeksyon ang chip sa balat na tao. Dalawampung minuto ang itinatagal ng proseso bago ito gamitan ng *scanner*. Pagkatapos daanan ng *scanner* nagrerejister ang mga *codes* sa monitor ng kompyuter. Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa kundisyon ng katawan ng pasyente. Kahanga-hanga! At hindi magtatagal, mabibili na ito sa karaniwang groseri o tindahan.

5. Kung matanda na ang isang tao, karaniwang mainitin na ang kanyang ulo, sumpungin, mahina ang tenga, malalabo na ang mga mata, lampa at mabagal nang kumilos. Ito ang mga dahilan kung kaya sila kadalasan ay kinaiinisan lalo na ng mga kabataan. Dagdag pa kung ulyanin na sila at dinapuan ng sakit na Alzheimer's. Sino ba naman ang may gustong mag-alaga ng matandang kumikilos na parang bata? Aasikasuhing parang beybi, eh hindi naman beybi! Kung totoong beybi sana, eh di kyut! Subalit alalahaning hindi ka laging bata. Tatanda ka ring tulad nila. Isipin mo… kung paano mo pinahalagahan o pinabayaan ang matatanda, iyon ang nakikita ng mga bata. Ganoon din ang gagawin nila sa iyo kapag matanda ka na, humigit-kumulang!

## II. PAGBABAYBAY

Panuto: Tukuyin ang wastong baybay ng mga salitang hiram na ginamit sa mga pangungusap.

.

1. Isang malaking **aquarium** ang matatagpuan sa Manila Zoo.
   a. aquarium c. akwaryum
   b. akwarium d. aquaryum

2. Bahagi ito ng mga **exhibit** ng mga tanging mga bagay at hayop na matatagpuan sa Pilipinas.
   a. eksibit c. exhibit
   b. exsibit d. exibit

3. Sa *Bahay-Tsinoy* naman sa Intramuros, ay may mga **display** na kaugnay nang pinagmulan ng lahing Intsik sa Pilipinas.
   a. display c. diesplay
   b. diespley d. displey

4. Ayon sa mga tauhan ng lugar na ito, iyon daw ay **authentic**.
   a. awtentik c. otentik
   b. authentic d. awtentic

5. Kung may mga bumibisita sa mga lugar na ito, maraming maaaring maging **reference.**

    a. referens    c. reference
    b. refirence    d. reperens

## III. PANGHIHIRAM NG SALITA

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang hiram na angkop sa mga pangungusap sa talata.

Pebrero 23, 1997 nang ihayag ni Ian Wilmut, isang sayantist na **1**.(**Scottish- Iskatish- Iskatis**) sayantist at ng kanyang mga kasama ang isang matagumpay na riserts. Ito ay ang **2**.(**cloning-kloning-klaning**) ng isang tupa.Nalikha nila si Dolly, tupang kamukhang-kamukha ng kanyang ina. Nagkaroon na naman ang **3.(Science-Sayans-Agham**) ng isang malaking imbensyon.Noong una, inakala ng lahat na ito ay imposible! Subalit napatunayang si Dolly ay isang **4**. (**exactong-eksaktong -iksaktong**) kopya ng kanyang ina. Sinasabing ang pagsilang niya ay kakaiba dahil galing siya sa isang materyal na **5.** (**genetic-jenetik- henetika**).

-Impormasyon mula sa Internet

## IV. SANHI AT BUNGA NG PANGYAYARI

Panuto: Pag-ugnay-ugnayin ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayari. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

Sa nakalipas na mga dekada, lumaki nang lumaki ang lupaing sakop ng mga syudad kaya itinatatayang 50% ng populasyon ng mundo ay nakatira na rito. Maraming dahilan kung bakit nangyayari ito. Una, ang patuloy na industriyalisasyon noong ika-19 na siglo na naging dahilan upang magtayo ng maraming pabrika sa lunsod mismo. Ang mga trabahong ito na nangangahulugan ng mas mabuting uri ng pamumuhay, ay naging atraksyon para sa mga taga-lalawigan. Ikalawa, maraming mga paaralang naitayo na sumasagot sa pangangailangan ng mga anak ng mga manggagawa. Ikatlo, ang pangako ng mas maayos na pamumuhay para sa kanilang mga pamilya ay nagiging dahilan upang iwanan ang kanilang mga bukid at manirahan sa mga lunsod. Sa huli, habang lumalaki ang populasyon ng syudad, dumadami rin ang mga establisimento ng mga aliwan at paglilibang tulad ng mga sinehan, stadium, museo at iba pang pasyalan. Para sa maraming tao, ang buhay sa lunsod ay mas nakaaaliw kaysa buhay sa bukid, kaya paunti nang paunti ang mga naninirahan sa mga lalawigan.

1. Ang pagdami ng mga pook-aliwan at libangan sa syudad ay dulot ng

    a. kagustuhan ng taong mag-aliw
    b. pagkalat ng maraming bisyo
    c. karamihan ng tao.
    d. kahilingan ng mga naninirahan dito.

2. Ang industriyalisasyon sa lunsod ay bunga ng
   a. kawalan ng trabaho.
   b. mabuting pamumuhay.
   c. kasipagan ng mga tao.
   d. karamihan ng mga pabrikang itinayo rito.

3. Ang pagtatayo ng mga paaralan dito ay dahil sa
   a. kautusan ng pamahalaan.
   b. pangangailangan ng mga anak ng mga manggagawa.
   c. patuloy na industriyalisasyon.
   d. mabuting uri ng pamumuhay.

4. Ang pag-alis ng mga tao sa lalawigan ay dulot ng
   a. paghahangad na makapag-aral.
   b. atraksyon sa bahay-aliwan
   c. pangako ng mas mabuting buhay.
   d. kawalan ng trabaho.

5. Sa kasalukuyan, paunti nang paunti ang ibig manirahan sa lalawigan dahil sa
   a. ang buhay sa lunsod ay nakaaaliw.
   b. mahirap ang trabaho sa bukid.
   c. 50% ng populasyon ng mundo ay nasa lunsod na.
   d. pag-aaral ng mga kabataan.

## V. PAGKAKATULAD AT PAGKAKAIBA NG MGA PAHAYAG

Panuto: Isulat ang **MK** kung magkatulad at **MI** kumg magkaiba ang pares ng mga pahayag.

_____ 1. a. Ang pagsilang ng tao sa pananaw ng relihiyon ay sagrado.
b. Sa panig ng Sayans, ito ay isang imbensyon.

_____ 2. a. Ang natural na pagsisilang sa tao ay nangangailangan ng 46 na *chromosomes.*
b. Katulad din ito ng kloning.

_____ 3. a. Ipinaalam sa mundo ang pagsilang ni Eve, ang kauna-unahang babaeng naklon, noong Disyembre 26, 2002.
b. Ayon sa Banal na Kasulatan, si Eba ay hinugot sa tadyang ni Adan, ang kauna-unahang lalaki sa mundo.

_____ 4. a. Ang Sayans ay mapanuklas ng iba't ibang bagay at nag-eeksperimento ng mga proseso.
b. Ang relihiyon ay nananatiling nananalig sa kapangyarihan ng Panginoong Lumikha.

_____ 5. a. Maraming eksperto ang nagdududa sa katotohanan ng kloning.
b. Marami rin namang naniniwala sa katotohanang hatid ng natural na pagsisilang ng tao.

Kunin mo ang Susi ng Pagwawasto sa iyong guro. Tama bang lahat ang naging sagot mo? Kung hindi, balikan mo ang mga bahaging kailangan mo pang pag-aralan. Kung oo, binabati kita! Maaari ka nang tumuloy sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 1
Pagkilala sa Tekstong Informativ
at Panghihiram ng mga Salita

**Panimulang Pagsusulit**

A. Textong Informativ
1.HI
2. I
3. I
4. I
5. HI
6. I

B. Pagbabaybay
1. a
2. b
3. b
4. a
5. c

C.Panghihiram
1. b
2. b
3. c
4. c
5. b

D. Sanhi at Bunga
1. c
2. b
3. a
4. c
5. b

E. Magkatulad at Magkaibang Pahayag
1. MK
2. MI
3. MI
4. MI
5. MI

**Panghuling Pagsusulit**

A. Textong Informativ
1. I
2. HI
3. I
4. I
5. I

B. Pagbabaybay
1. c
2. a
3. d
4. a
5. a

C. Panghihiram
1. Scottish
2. kloning
3. Sayans
4. eksaktong
5. jenetik

D. Sanhi at Bunga
1. a
2. d
3. b
4. c
5. a

E. Magkatulad at Magkaibang Pahayag
1.MI
2. MK
3. MI
4. MI
5. MI